Mga Layunin

- Itaguyod at idebelop ang mga programa ng kaligtasan sa pandaigdig at pambansang antas para sa lahat ng empleyado ng news media
- Himukin na magkasunduan ang mga pinaglilingkuran at mga tauhan tungkol sa mga bagay ukol sa kalusugan at kaligtasan
- Mamahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng praktikal na pagsasanay, mga tagapayo, at mga nakasulat
- Itaguyod ang pinakamahusay na kaugalian sa industriya para sa pagsasanay, kagamitan, at trabaho sa labas ng opisina
- Imbestigahan, idebelop at itaguyod ang mga serbisyo ukol sa kaligtasan, kasama ang 'di-mamahaling seguro
- Magtatag ng pandaigdig na ugnayan ng mga organisasyon na magpapasiyang bawasan ang panganib
- Kapag may itinatanghal tungkol sa media, mag-isponsor ng mga inisyatibo na nagdaragdag ng kaalaman

Mga Alituntunin ng INSI

1. Ang mahalaga sa lahat ay ang pag-ingatan ang buhay at kaligtasan. Dapat malaman ng kapwa tauhan at mga freelancer na ang mga 'di-kinakailangang panganib habang naghahabol ng maisasalaysay ay hindi kanais-nais at hindi-hinding nirerekomenda. Mahigpit na nirerekomenda sa mga organisasyon ng balita na intindihin muna ang kaligtasan bago ang manguna sa kompetisyon.
2. Ang pagdidestino sa mga lugar ng digmaan at iba pang lugar na mapanganib ay dapat kusang-loob at para lamang sa mga tagakuha ng balita na may-karanasan at para sa mga mismong napapasailalim sa kanilang pamamahala. Walang tungkulin ang dapat magdusa dahil tinanggihan ang isang mapanganib na trabaho. Maaring pagpasiyahan ng mga patnugot

(editor) sa base o mga mamamahayag (journalists) na nagtratrabaho sa labas ng opisina na itigil ang isang mapanganib na trabaho pagkatapos makipagkonsulta nang angkop sa isa't isa.

3. Kailangang bigyan ang lahat ng mga mamamahayag at tauhan ng media ng angkop na pagsasanay ukol sa kapaligiran ng kalaban at sa pagkaunawa ng panganib bago sila ipadala sa isang mapanganib na lugar. Mahigpit na nirerekomenda sa mga pinaglilingkuran na gawin itong sapilitan.
4. Bago madestino ang mga mamamahayag, dapat siguruhin ng mga pinaglilingkuran na nalalaman ng mga mamamahayag ang pinakabagong balita tungkol sa mga umiiral na politikal, pisikal at panlipunang sitwasyon kung saan sila magtratrabaho, at na nalalaman nila ang mga pandaigdig na alituntunin para sa armadong labanan (armed conflict) ayon sa nakatala sa mga Geneva Conventions at iba pang mahalagang dokumento ng mapagkawanggawang batas.
5. Kailangan magbigay ang mga pinaglilingkuran ng mahusay na mga kagamitan para sa kaligtasan at mga pangmedikal at pangkalusugang pananggol na angkop sa bantà sa lahat ng mga tauhan at freelancer na nakadestino sa mga delikadong lugar.
6. Dapat bigyan ang lahat ng mga mamamahayag ng pansariling seguro habang nagtratrabaho sa mga lugar ng kalaban, kasama na ang seguro para sa pansariling kapinsalaan at kamatayan. Dapat ay walang pagkakaiba ang seguro para sa tauhan at mga freelancer.
7. Dapat bigyan ng mga pinaglilingkuran ang mga mamamahayag na kaugnay sa pagbabalita ng mga nakakabagabag na pangyayari ng pagkakataong makakuha ng libreng lihim na payo (counselling). Dapat nilang bigyan ang mga manager ng pagsasanay nang mapansin nito ang post traumatic stress, at dapat nilang bigyan ang mga pamilya ng mamamahayag na nasa mapanganib na lugar ng napapanahong payo tungkol sa kaligtasan ng kanilang mga minamahal sa buhay.
8. Ang mga mamamahayag ay mga taga-obserba na walang kinakampihan. Walang kasapi ng media ang dapat magdala ng baril habang isinasagawa ang kanilang trabaho.
9. Mahigpit na nirerekomenda sa mga pamahalaan at sa lahat ng hukbong militar at kaligtasan na igalang ang kaligtasan ng mga mamamahayag sa kanilang lugar na pinagtratrabahuhan, sinasamahan man nila ang kanilang mga sariling hukbo o hindi. Hindi nila dapat pigilan -- kung hindi kinakailangan -- ang malayang pagkilos, o ikompromiso ang karapatan ng mga mamamahayag na kumuha at mamahagi ng impormasyon.
10. Hindi kailanman dapat manligalig, manakot o pisikal na umatake ang mga hukbo ng kaligtasan (security forces) sa mga mamamahayag na nagtratrabaho nang alinsunod sa batas.

Mga 16 na Hakbang Para sa Kaligtasan

1. Ihanda ang katawan at kaisipan. Magpunta sa isang kurso ukol sa Kapaligiran ng Kalaban na may kasamang pagsasanay para sa pangunahing lunas (first aid) bago magpunta sa iyong destino, kung maaari.
2. Sa karamihan ng mga lugar ng labanan, kinakailangan ang kakayahan man lamang na tumakbo, maglakad nang malayo, at makapagtiis ng kahirapan. Siguruhin na may angkop na pang-iniksyon at magdala ng simpleng medikal kit na may mga malinis na karayom. Magsuot ng purselas na nakikilala sa buong mondo, na may caduceus na simbolo at talaan ng mga alerdyi, grupo ng dugo, atbp.
3. Alamin ang anumang impormasyon tungkol sa mga tao at destino, at kung ano ang pinag-aawayan. Pag-aralan ang ilang magagamit na prase sa pampook na wika, lalo na ang "foreign press" o "journalist". Makakatulong na malaman ang mga ibig sabihin ng pampook na senyas.
4. Huwag maglakbay nang mag-isa sa lugar ng labanan. Kung naglalakbay sa daan, gumamit ng isang maingat at mapagkakatiwalaang nagmamaneho na kabisado ang dinaraanan (terrain) at mga lugar na maaring mapanganib. Tatakan ng "media" o lagyan ng karatula ng media ang iyong sasakyan maliban lamang kung tatawag ito ng pansin at sa gayon ay aatakihin. Maglakbay nang may magkakalapit na convoy, kung maaari. Huwag gumamit ng sasakyan ng militar o sasakyan na parang pang-militar, maliban lamang kung sinasamahan ang regular na army patrol. Siguruhin na maayos ang takbo ng iyong sasakyan, at na ito'y may maraming gasolina. Kapag mainit ang panahon, regular na i-tsek ang presyon ng gulong dahil delikado na kapag pumutok ito.
5. Bago maglakbay, humingi ng payo sa lokal na mga awtoridad at mga naninirahan tungkol sa mga posibleng panganib. Kapag ito'y ligtas gawin, i-tsek ang mga daan na malapit ng daraanan. Sabihin sa iyong headquarters at mga naiwang kasamahan sa base kung saan ka pupunta, kung mga anong oras ka makakarating sa pupuntahan mo, at kung anong oras mo inaasahang makabalik. Tumawag o balitaan sila nang madalas. Mag-ingat sa pagdala ng mga mapa na may mga marka dahil baka akalaing pang-militar ang mga ito.
6. Kapag hindi kilala ang mga kontak, makipagkita sa kanila sa mga publikong lugar at ipaalam mo ang iyong mga plano sa iyong opisina o mapagkakatiwalaang kasamahan. Kung maaari, huwag magpunta nang mag-isa sa isang sitwasyon na maaring mapanganib. Bago ka

pumasok sa isang mapanganib na lugar, magplano muna kung paano ka makakalabas nang mabilis at ligtas.

7. Huwag na huwag magdadala ng armas o maglalakbay kasama ng mga armadong mamamahayag. Mag-ingat sa pagkuha ng mga retrato. Kunin ang permiso ng mga sundalo bago kumuha ng retrato. Alamin kung ano ang mga hindi dapat kunan sa lugar na iyon.
8. Magdala ng ID na may retrato. Huwag magkunwari na ikaw ay ibang tao maliban sa isang mamamahayag. Sabihin nang malinaw kung sino ka, kung ikaw ay tinanong. Kung magtratrabaho sa parehong panig ng isang front line, huwag na huwag magbibigay ng impormasyon sa isang panig tungkol sa kabilang panig.
9. Magdala ng sigarilyo at iba pang mga bagay na maipamimigay. Manatiling kalmado at magsikap na magmukhang relaks kung ang mga sundalo o mga taga-roon ay mukhang mananakot. Kumilos nang maamo at ngumiti.
10. Magtago ng emergency na pera at isang kopya ng iyong ID sa isang ‘di-nakikitang lugar, tulad ng money belt. Maghanda ng isang halagang ibibigay bilang giveaway kapag kinakailangan.
11. Iprograma ang mga emergency na numero ng telepono sa mga satellite at cellular na telepono, at kung maaari ay iprograma ang isang speed dial na numero na matatawagan 24 oras, araw-araw. Alamin ang kinaroroonan ng mga ospital at ang kanilang mga makakayang gawin.
12. Alamin ang mga armas na karaniwang ginagamit sa labanan, ang layo ng inaabot nila at ang kanilang tinatagusan upang mahanap mo ang pinakamabuting mapagtataguan. Alamin ang pagkakaiba ng papasok sa palabas. Alamin kung ano ang itsura ng mga landmines at iba pang kagamitang pangmilitar. Huwag hawakan o hipuin ang mga iniwang armas o gamít na bala.
13. Magsuot ng sibilyan na kasuotan maliban kung binigyang-kapangyarihan bilang korespondente sa digmaan at kinakailangang magsuot ng tanging kasuotan. Iwasan ang kasuotan na parang pangmilitar. Iwasan ang magdala ng mga bagay na makintab at mag-ingat sa paggamit ng mga lente. Ang mga aninag ng malakas na sikat ng araw ay maaring mapagkamalang kislap mula sa pagputok ng baril.
14. Maghanda na magsuot ng mga flak jacket, body armour, helmet, gas mask at NBC (Nuclear-Biological-Chemical) na kasuotan, kung naaangkop. Kapag may mga demonstrasyon, gumamit ng mas ‘di- napupunang kasuotan, tulad ng matigas na sombrero na parang baseball hat, at magaang pang-ilalim na proteksyon.

15. Alamin ang iyong mga karapatan sa loob at sa ibang bansa. Alamin ang mga Geneva Conventions na may kinauukulan sa mga sibilyan na nasa mga lugar ng digmaan.

16. Pagkaraan ng ilang linggo, ang mga mamamahayag na nakaranas ng malaking panganib at naging saksi sa mga kakila-kilabot na pangyayari ay maaring makaranas ng traumatic stress. Huwag mahiyang humingi ng payo.